



Para sa mga Banyagang Guardian

# Gabay sa Elementarya

Bersyon sa Tagalog



Ang [Guardian] ay ang nagpapalaki sa bata.

## Pasimula

---

May mga publiko at pribadong eskwelahan dito sa Japan, at ang booklet na ito ay ginawa para sa mga guardian ng mga batang mag-aaral sa publikong eskwelahan sa Ota City.

Ang mga pribadong paaralan sa elementarya ay magkakaiba, kaya't mangyaring alamin at magtanong ng direkta sa mga ito.

Inaasahan na maaalis ang pag-aalala ng mga guardian at bata sa pagpasok sa elementarya sa pamamagitan ng pagbabasa ng booklet na ito.

## Talaan ng mga nilalaman

---

<b>1</b>	<b>Mga pamamaraan sa pagpasok sa elementarya (Kung magiging Grade 1 na sa Abril)</b> .....	2
<b>2</b>	<b>Isang taon ng elementarya</b> .....	3
<b>3</b>	<b>Buong araw sa eskwela</b> .....	4
<b>4</b>	<b>Mga dapat gawin ng guardian</b> .....	5
<b>5</b>	<b>Mga dokumento na ipapadala sa eskwelahan bago ang entrance ceremony at pag pumapasok na ang bata</b> .....	8
<b>6</b>	<b>Mga gagamitin sa eskwelahan</b> .....	9
<b>7</b>	<b>Mga babayaran at magagastos sa eskwelahan</b> .....	12
<b>8</b>	<b>Ang kalusugan ng bata at school clinic</b> .....	12
<b>9</b>	<b>Marunong na ba ang bata ng mga sumusunod na bagay?</b> .....	13
<b>10</b>	<b>Hindi maaaring dalhin / gawin sa eskwelahan</b> .....	13
<b>11</b>	<b>Mga sulat (print) mula sa eskwelahan</b> .....	14
<b>12</b>	<b>Contact system para sa emergency ng eskwelahan</b> .....	14
<b>13</b>	<b>Mga salita sa eskwelahan (koleksyon ng mga salita/ glossary)</b> .....	15
<b>14</b>	<b>Pag-aaral ng wikang hapon ng mga bata</b> .....	21
<b>15</b>	<b>Kumonsulta kapag may problema</b> .....	21

**1**

## Mga pamamaraan sa pagpasok sa elementarya

(Kung magiging Grade 1 na sa Abril)

Sa Abril 1 \* kapag ang bata ay 6 na taong gulang na ay makakapasok na ng grade 1

<p><b>Oktubre</b></p> <p><b>Aplikasyon para sa pag-enrol</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kung ang nasyonalidad ng bata ay isang dayuhan, magsumite ng “Aplikasyon para sa pag-enrol” sa Board of Education, School Affairs Application Desk (Nissei Aroma Square 5F, 5-37-1 Kamata Ota-ku).</li> <li>• Dalhin ang residence card ng bata.</li> <li>※ Kapag hindi mag-aaral ang bata sa Ota Public Elementary School, sabihin lamang ito sa Board of Education.</li> <li>※ Para sa mga walang residence card, kumonsulta sa Multilingual Consultation desk (page 21) ukol dito.</li> </ul>
<p><b>Bandang huli ng Oktubre hanggang Nobyembre</b></p> <p><b>Health check-up sa eskwela</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Makakatanggap ng notisya ng health check-up sa eskwela.</li> <li>• Nakasulat dito ang lugar at petsa</li> <li>• Tumanggap ng health check-up ng eskwela sa itinalagang araw.</li> <li>• Magsasagawa ng height(taas), weight(timbang), vision(paningin) at hearing(pandinig) test.</li> <li>※ Sa araw ng health check-up, magbibigay ng “child questionnaire” Isusulat ang address, mapa at pangalan ng buong pamilya, atbp. sa “child questionnaire”. Isusulat din ang tungkol sa mga allergy at sa mga pagkain na hindi maaaring kainin dahil sa relihiyon. Pagkasulat, ibigay ito sa Guardian’s Orientation Meeting.</li> </ul>
<p><b>Sa simula ng Disyembre</b></p> <p><b>Notisya sa pag-enrol</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Makakatanggap ng “notisya sa pag-enrol”.</li> <li>• Nakasulat sa notisya ang elementary school na papasukan ng bata.</li> <li>• Pumunta sa itinalagang elementary school na pinagbasihan sa area ng address.</li> </ul>
<p><b>Enero – Pebrero</b></p> <p><b>Guardian’s Orientation</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang Guardian’s Orientation ay gagawin sa eskwelahan na papasukan ng bata.</li> <li>• Ang lokasyon at petsa ay ipaalam sa health check-up sa eskwela.</li> <li>• Ipapaliwanag kung ano ang kailangang ihanda bago mag-enrol at kung paano ang buhay eskwela.</li> <li>• Siguraduhin na pumunta.</li> </ul>
<p><b>Sa simula ng Abril</b></p> <p><b>Entrance ceremony</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Seremonya na ang mga guro, kasalukuyang estudyante ng paaralan, at mga residente sa pook ay malugod na tatanggap ng mga bagong 1st grader at ipagdiriwang ang kanilang pasukan. Ang Entrance Ceremony ay gaganapin ng mga 1 oras.</li> <li>• May pagbati mula sa principal at mga bisita. Ipakikilala ang homeroom teacher.</li> <li>• Dadalo ang mga bagong 1st grader at ang kanilang guardian.</li> </ul> <p>Ang guardian at bata ay magsusuot ng pormal na damit (tulad ng suits). Pagkatapos ng Entrance Ceremony, ang mga bagong 1st grader ay kukuhanan ng larawan kasama ang mga guro.</p>

\*【Hal.】 Ang batang 6 na taong gulang na ng Abril 1, 2022(Reiwa 4) ay batang may kaarawan ng Abril 2, 2015(Heisei 27) hanggang Abril 1, 2016(Heisei 28).

※ Kung nais mag-enrol kahit nag-umpisa na ang eskwela, kumonsulta lamang sa School Affairs Application Counter ng Board of Education.



## 2 Isang taon ng elementarya

Nahahati sa 3 semester ang isang taon. Ito ang magiging plano at nag-iiba ito depende sa taon.

1st semester= 4/6-7/20, 2nd semester= 9/1-12/25, 3rd semester= 1/8-3/25

"\*": Ang order at mga petsa ng mga kaganapan ay nag-iiba depende sa paaralan.

<b>Abril</b>	↑ 1st semester ↓	Entrance ceremony, Opening ceremony ng unang semester * Guardian's Class Meeting *Field trip *Health checkup *Growth measurement.
<b>Mayo</b>		*Athletic meet (may eskwelahan din na ginagawa ito pag autumn) *Individual meeting
<b>Hunyo</b>		*Class observation day *Umpisa ng pagtuturo ng swimming *Magsisimula na ang swimming
<b>Hulyo</b>		Closing Ceremony ng 1st semester, simula ng summer break (mayroong home work).
<b>Agosto</b>		Summer holidays    Araw na may pasok :May pasok ng isang araw.
<b>Septyembre</b>	↑ 2nd semester ↓	Tapos na ang summer holiday, Opening ceremony ng 2nd semester *Pagsasanay sa pag-turn over ng bata sa sunda *Class observation day *Growth measurement *Pagtatapos ng pagturo ng swimming *Matatapos na ang swimming
<b>Oktubre</b>		*Individual meeting * Retreat ng mga estudyante sa upper grade(parang study camp)
<b>Nobyembre</b>		*School play/Art exhibition/Handwork exhibition (Mayroong eskwelahan na hindi nagsasagawa nito at nag-iiba ang araw depende sa eskwelahan)
<b>Disyembre</b>		*Guardian's class meeting, Closing ceremony ng 2nd semester, Winter holidays
<b>Enero</b>	↑ 3rd semester ↓	Opening ceremony ng 3rd semester *Growth measurement
<b>Pebrero</b>		*Class observation day
<b>Marso</b>		Graduation day, Closing ceremony, Spring holidays

\*Ang mga evacuation drill ay ginaganap kada buwan.



### 3 Buong araw sa eskwela

Ito ay halimbawa lamang. Maari itong mag-iba depende sa eskwelahan kaya basahing mabuti ang mga sulat galing sa eskwelahan.

<b>8 : 10 ~ 8 : 25</b>	<b>Pagpasok</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Mula sa bahay hanggang sa eskwela = Dadaan lamang sa itinalagang school road route.</li><li>• Magsasara ang gate kapag lagpas na sa oras ng pagpasok sa eskwela.</li><li>• Kapag mahuhuli o hindi papasok sa eskwela, makipag-ugnayan sa pamamagitan ng “renraku cho” (contact notebook) (p 7). Kapag nagmamadali, maaaring itawag lamang sa paaralan.</li></ul>
<b>8 : 30 ~</b>	<b>Meeting/Assembly sa umaga</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Greetings sa umaga sa loob ng klase at pakikilingan kung may sasabihin ang teacher.</li><li>• Mayroon ding araw ng "Morning Assembly ng buong eskwela" kung saan nagtitipon ang lahat ng mga batang estudyante.</li></ul>
<b>8 : 45 ~</b>	<b>Klase</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Mayroong apat na 45 mins. na klase sa umaga. Ang mga subjects na pinag-aaralan ay naiiba araw-araw.</li><li>• May breaktime sa pagitan ng mga klase.</li><li>• Ang pagpunta sa toilet ay ginagawa sa breaktime.</li></ul>
<b>12 : 15 ~</b>	<b>School lunch</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Ito ay inihahanda ng eskwelahan. May bayad ang school lunch (p 12).</li><li>• Walang school lunch kapag Sabado.</li><li>• Ang mga bata ay salitan sa pagbigay ng school lunch. (“kyushoku toban” ang tawag dito)</li><li>• May araw na walang school lunch. Ipapaalam ito sa pamamagitan ng sulat (print ) mula sa eskwelahan.</li></ul>
<b>13 : 00 ~</b>	<b>Noon break</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Maglalaro sa loob ng classroom o sa school ground. Mayroon ding eskwelahan na naglilinis sa oras na ito.</li></ul>
<b>13 : 30 ~</b>	<b>Klase</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• May araw na may klase at mayroon din na walang klase sa hapon. Tignan ito sa timetable.</li><li>• Nag-iiba ang oras ng uwian kapag mayroon o walang klase.</li></ul> <b>Meeting bago umuwi</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Ibinibigay ng teacher ang sulat (print) at sinasabi kung ano ang gagawin kinabukasan.</li></ul> <b>Uwian</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Uuwi sa bahay.</li><li>• Ilang araw pagkalipas ng unang araw ng pasukan sa eskwela, uuwi kasabay ang mga batang pareho ng ruta ng school road (shudan gekou)</li><li>• Hanggat maaari, umuwi ng kasabay ang kaklase o schoolmate.</li></ul>

## 《Paano palipasin ang oras ng pagkatapos ng klase (“hokago”)》

### Child care ng batang estudyante (Gakudo Hoiku)

#### (children’s hall / openspace after school)

Kung hindi maalagaan ang bata pagkatapos ng eskwela, tulad ng kapag nagtatrabaho ang guardian, maaaring gamitin ang "child care ng batang estudyante (Gakudo Hoiku)". Maaaring mag-apply nito sa Ota City Office Child Care Support Division. Sa mga nagnanais pumasok mula Abril, mag-apply ng bandang Nobyembre ng nakaraang taon. May kapasidad.

### After school children's classroom

Ang sinumang pumapasok sa eskwelahan ay makakagamit nito.

Malayang makapaglalaro o makapag-aaral sa itinalagang lugar sa eskwelahan.

Kailangang magpa-rehistro bago gamitin ito.

Ipamamahagi ang aplikasyon sa buwan ng Abril.

Punan ang “Registration Application Form” at i-submit ng magulang sa “After School Children’s Classroom”



4

## Mga dapat gawin ng guardian

### Mga gagawin bago ang pasukan sa eskwela.

- Pagpasyahan ang oras ng tulog at gising ng bata. Pakainin ng almusal ang bata.
- Maglakad kasama ang bata mula bahay papunta sa eskwelahan para masanay itong pumasok na mag-isa sa eskwela.
- Ihandang mga gagamitin sa eskwela (p 9).
- Pagpasyahan kung paano isusulat sa hiragana ang pangalan ng bata. Hal.)  
Peter ペーテ- / ひーテ-
- Lahat ng dadalhin sa eskwela ay lalagyan ng pangalan.
- Punuan ang mga papeles na kailangang isumite sa eskwela (p 8) at ibigay ito bago ang takdang araw.
- Sanayin ang bata na magkabit at magtanggap ng name plate (p 9) na mag-isa.
- Pupunta sa entrance ceremony ng eskwelahan.

## Mga gagawin sa araw-araw

### ● **Manabi Pocket (contact app) • Contact notebook (renrakucho)**

- Sa hindi pagpasok sa eskuwela o mag-absent, late na pagpasok, maagang pag-uwi, mangyaring makikipag ugnayan sa pamamagitan ng Manabi Pocket o contact book. Hilingin sa isang batang nakatira malapit sa iyong tahanan na dalhin ang contact book sa paaralan. Ipapadala sa bata ang contact book kapag maaga ang uwi nito. Kapag nagmamadali, maaaring tumawag sa paaralan.
- Kapag mayroong hindi alam, isulat ito sa renrakucho para matanong sa teacher.

### ● **Makipagkomunika sa pamamagitan ng Manabi Pocket o tingnan ang mga print mula sa paaralan.**

- Tanungin ang bata at i-check kung may sulat.
- Kapag hindi alam kung ano ang nakasulat, magtanong sa nakakaintindi ng Japanese. Tingnan gamit ang software ng pagsasalin. (P14)

### ● **Pag check ng homework**

- I-check kung nakagawa na ng homework ang bata.

### ● **Paghanda para sa susunod na araw**

- Ihanda kung ano ang gagamitin kinabukasan sa klase. Tutulungan ng guardian ang bata.

### ● **Labhan hanggang Lunes**

- Labhan ang uwabaki, P.E. uniform at luncheon mat (p 10). Dadalhin ito sa eskwelahan pag Lunes.
- Para sa in-charge o toban sa school lunch, labhan at plantsahin ang hakui (puting damit) at boshi (puting sombrero). Dalhin ito sa eskwelahan pag Lunes.

### ● **[Pag-iwas sa pagkalat ng New Coronavirus infection]**

#### **Tingnan ang kalusugan ng inyong anak.**

- Pag-check ng temperature ng katawan, at lagdaan ang "Kenko Kansatsu Card (Health Observation Card)".
- Huwag papasukin kapag ang inyong anak o miyembro ng pamilya ay hindi mabuti ang pakiramdam (lagnat, sipon, atbp.)

## Mga gagawin ng ilang beses sa loob ng isang taon

### ● **Baon o lunch box/ lagayan ng inumin**

- Gawin ng lunch box at ipadala ito sa bata kapag walang school lunch.
- Hindi maaaring maglagay ng snacks sa baon.
- Lagyan ng tubig o tsaang lagayan ng inumin. Hindi maaaring ilagay ang juice.



### ● **Dadalo sa meeting ng mga guardian**

- Ang meeting ng mga guardian ay ginagawa sa eskwelahan ng 3-4 beses sa isang taon. Tatalakayin ng mga guro at magulang ang mahahalagang bagay.

### ● **Pupunta sa individual meeting.**

- Pakipag-usap sa homeroom teacher sa eskwelahan ng isa o dalawang beses sa isang taon. Pag-usapan kung ano ang lagay ng bata sa eskwelahan at sa bahay.

### ● **Pupunta sa class observance day**

- Tatlo o apat na beses sa isang taon ay maaaring mapanood ang klase sa eskwelahan. Maaari mong malaman ang kalagayan ng iyong anak sa eskwelahan.

### ● **Pagtulong sa urinalysis. (1 beses sa 1 taon, sa bandang Mayo)**

- Iluwi ng bata mula sa eskwelahan ang papel at lalagyan.
- Kolektahin ang unang ihi ng iyong anak pagkagising sa umaga at ilagay ito sa kalakip na lalagyan.

- **PTA (Parent-Teacher Association)**

- Asusasyon ng mga teacher at magulang o guardian. Malayang makakasali o hindi pero halos lahat ay sumasali.
- Sa PTA, gumagawa ng mga aktibidad tulad ng pagtulong sa athletic meet, crime prevention patrol, at paggawa ng mga newsletters.

- **Makilahok sa mga events sa eskwelahan.**

- Sasali sa mga events tulad ng athletic meet.

- **Pagsasanay sa paghand-over ng bata sa sundo**

- Isang beses sa isang taon ay may pagsasanay sa paghand-over ng bata sa sundo. Kapag may malaking lindol, susunduin ang bata sa eskwelahan. Ang araw ng pagsasanay ay depende sa eskwelahan.

## Mga bagay na dapat pag-ingatan

- **Kapag pupunta ang guardian sa eskwelahan**

- Ikabit sa leeg ang ID ("nafuda") kapag pupunta sa eskwelahan. Ang ID ay ibibigay sa araw ng entrance ceremony.
- Kapag pupunta sa eskwelahan, magdala ng tsinelas at supot na paglalagyan ng hinubad na sapatos.
- Kapag ma-late o uuwi ng maaga, sasamahan ng guardian ang bata.
- Kapag may lindol na may seismic intensity 5 o higit pa, susunduin ang bata.
- Kapag may bagyo at inilabas ang "storm warning" o "special warning" ng 7:00 ng umaga, suspended o walang pasok pansamantala sa eskwela. Padadalhan kayo ng email sa pamamagitan ng emergency contact system ng eskwelahan. (P14)

## Paano magsulat sa contact notebook (renrakucho)

- **(May sipon kaya hindi makakapasok.)**  
かぜ で やすみます。  
KAZE DE YASUMIMASU
- **(May lagnat kaya hindi makakapasok.)**  
ねつ が あるので やすみます。  
NETSU GA ARUNODE YASUMIMASU
- **(Pupunta sa ospital kaya makakapasok ng ganitong oras ○○ : ○○)**  
びょういん に いくので ○○ : ○○ に がっこう に いきます。  
BYOUIN NI IKUNODE ○○ : ○○ NI GAKKOU NI IKIMASU
- **(Nasugatan kaya hindi makakapasok.)**  
けが を したので やすみます。  
KEGA WO SHITANODE YASUMIMASU
- **((Pupunta sa ospital kaya uuwi ng maaga.)**  
びょういん に いくので そうたい します。  
BYOUIN NI IKUNODE SOUTAI SHIMASU





# 5 Mga dokumento na ipapadala sa eskwelahan bago ang entrance ceremony at pag pumapasok na ang bata

## Questionnaire ng bata (秘)

1 P

This form is titled '児童調査票' (Child Survey Form). It includes fields for the child's name, gender, age, and school information. There are also sections for parents to provide contact information and medical history. The form is marked with a '秘' (Secret) symbol.

2 P

This is a second page of the questionnaire form, featuring a large text area for additional information and a section for the parent's signature and date. It is also marked with a '秘' (Secret) symbol.

## Home emergency contact form (秘)

This form is titled '家庭緊急連絡票' (Home Emergency Contact Form). It is designed to collect emergency contact details for the child, including names and phone numbers of family members and neighbors. It is marked with a '秘' (Secret) symbol.

## Card sa pag hand-over ng bata sa sundo

This is a 'Handover Card for Sick Child' (病児手配カード). It contains fields for the child's name, date of birth, and school information. It is used to provide medical and contact information to the school nurse. It is marked with a '秘' (Secret) symbol.

## Proposal form para sa food allergy (秘)

This form is titled '食物アレルギー対応 申出書(新規・継続・変更)' (Food Allergy Response Application Form). It is used to report new, ongoing, or changing food allergies. It includes sections for the child's name, school, and a detailed description of the allergy, including symptoms and management plans. It is marked with a '秘' (Secret) symbol.

Maliban dito, meron pang mga health survey forms, heart check-up questionnaires, at notisya sa mga school support. Kung hindi mo kayang sulatan ito, pumunta lamang sa multilingual consultation desk (p 21).



## 6 Mga gagamitin sa eskwelahan

★ Nag-iiba depende sa eskwelahan. Tignan mabuti ang sulat (print) mula sa eskwelahan.


★ Susulatan lahat ito ng grade, section at pangalan.

### 【1】 Libre ito at ibibigay sa eskwelahan.


#### Textbooks (pare-pareho)



#### Sombrero (pare-pareho)



#### Security buzzer (pare-pareho)




#### Name tag




### 【2】 Bibilhin lahat ito ng eskwelahan at ipamamahagi sa mga bata. Babayaran sa eskwelahan ang material fee.

#### Notebook



#### Tool box




#### Renraku cho / Renraku bukuro (Contact notebook at lalagyan nito)



### 【3】 Mahihiram sa eskwelahan. Kapag naiwala o masira, mangyaring kumunsulta sa eskwelahan.

#### Tablet (computer), bag, charging cord



#### helmet



Sa mga bahay na hindi magagamit ang internet, maaaring makahiram din ng mobile router. Kinakailangan ng aplikasyon.


## [ 4 ] Ihahanda sa bahay bago pumasok at pag nakapasok na sa eskwela

- A. Bibilhin kung ano ang sinabi ng eskwelahan.

### Uwabaki (Indoor school shoes)




### P.E. uniform\*/pula at puting cap/ lalagyanan



\*Kabitan ng tela na may nakasulat na pangalan, grade at section ang P.E. uniform. Ang tela (zekken, wappen) ay nabibili sa mga 100yen shops.

### Luncheon mat na itinukoy kung gaano kalaki / lalagyanan



### Bag na itinukoy kung gaano kalaki



### Disaster prevention hood



Ihanda ang sukat ayon sa tinutukoy ng paaralan.

- B. Bilhin kung ano ang gusto


### Randoseru



### Athletic shoes



### Dust cloth(basahan)



### Handkerchief / Tissue



### Rain coat / Payong




### Mask



**Mga gamit sa pagsusulat** May konting pagkakaiba ang bawat eskwelahan. Mangyaring tingnan na mabuti ang (Nyugaku no Shiori( School Admission Guide)).

Lapis...B o 2B (Maghanda ng lima o anim na piraso. Talasan ito at dalhin araw-araw)  
Pulang lapis...1 piraso  
My name pen...1piraso  
Pambura... kulay puti  
Pencil case...Box shaped at plain lang. Huwag lata.  
Shitajiki...Plain lang (walang nakalagay na litrato)  
General purpose notebook (puting notebook)



**【 5 】 Kapag sinabihan, ihahanda kung ano ang sinabi ng eskwelahan.**

Pianica (kenban harmonica)




Jumping rope



Swimsuit, Swimming cap, Pool Bag



Ruler




Cellophane tape / Glue



Coupy (coupy-pencil)



Gunting



Cray-pas



※ Tama lang ang laki sa kamay.  
Yung may takip.



## 7 Mga babayaran at magagastos sa eskwelahan

① <b>textbook /tuition fee</b>	Libre
② <b>school lunch fee</b>	0 yen/walang sisingilin sa 2024. Hindi pa natin alam ang tungkol sa 2025.
③ <b>material / field trip fee,atbp.</b>	Magbayad pag kailangan na. Nag-iiba depende sa grade. Ipaalam sa pamamagitan ng school year news.
④ <b>PTA fee</b>	Binabayaran taon-taon. Iba ang halaga depende sa eskwelahan.

※ Magbukas ng bank account sa bangko na itinalaga ng eskwelahan (Yucho ginko o Postal Bank) bago magpasukan. Doon iwi-withdraw ang mga bayad sa eskwelahan.  
Ang material fee, field trip fee o iba pa ay babayaran ng cash sa eskwelahan.

※ Tulong sa gastos sa eskwelahan

Kung mahirapang magbayad para sa school lunch o mga materyales sa pag-aaral, may mahihinging tulong sa gastos.

Piliin sa application form ang “nais kong humingi ng tulong” at ilagay kung ano ang kailangan.

Mayroong pagsusuri sa pagbibigay ng tulong.

Kahit na nais mo, hindi ka makakatanggap ng tulong sa eskwela kung malaki ang kita ng buong pamilya.



## 8 Ang kalusugan ng bata at school clinic

- Mayroong school clinic sa eskwelahan na may nakatalagang school nurse.
- Kung nasugatan sa eskwelahan o nakaramdam ng sakit, kakailanganin ang first aid sa school clinic.
- Kung kailangang pumunta sa ospital o kung dapat na umuwi, makikipag-ugnayan sa magulang.

《**Note!**》 **Kapag ang inyong anak ay may nakakahawang sakit tulad ng coronavirus o influenza.**

- Ang tinatawag na “nakakahawang sakit” ay ang coronavirus, influenza, beke, tigdás at bulutong na maaaring makahawa sa ibang tao.

- Kapag mayroong nakakahawang sakit, hindi dapat na pumasok sa paaralan. →Makikipag-ugnayan sa paaralan.

Maaring pumasok kapag may pahintulot ang doctor.

→Maaaring pumasok sa paaralan.

- Hindi papasukin ang mga bata kapag marami ang nahawa sa klase mula sa sakit tulad ng influenza at magkakaroon ng “pagsasara ng klase (gakkyu heisa)”.

- Upang maiwasan ang impeksyon ng coronavirus, ang mga sumusunod ay ang panahon na kailangan na ang bata at ka-pamilya ay hindi papasok sa eskwelahan.

- May lagnat, mayroong sintomas ng sipon. ● Positibo sa pagsusuri ng new coronavirus


- Close-contact ng positibo ng coronavirus



## 9 Marunong na ba ang bata ng mga sumusunod na bagay?

- Kaya ng pumunta sa toilet ng mag-isa.
- Marunong gumamit ng Japanese style toilet
- Sa umaga, dumudumi muna bago pumasok sa eskwela.
- Naisusulat na at nababasa sa hiragana ang sariling pangalan.
- Kapag tinawag ang pangalan, makakasagot ng “Hai”.
- Nasasabi ang sariling pangalan.
- Kayang mag-ingat sa mga traffic light at mga sasakyan at lumakad lamang sa school road papuntang eskwela . Umuwi ng bahay pagkagaling sa eskwela.
- Nakakakain gamit ang chopsticks o kutsara.
- Kayang sabihin sa kaibigan o classmate at teacher kapag may nararamdamang masakit o kailangan ng tulong.
- Kayang ligpitin ang sariling gamit, sapatos at payong ng mag-isa.

### Japanese Style Toilet



## 10 Hindi maaaring dalhin / gawin sa eskwelahan

- × Bawal magdala ng pera, snacks, laruan, games at komiks.
- × Bawal magdala ng cellphone at smartphone kapag walang pahintulot.
- × Bawal mag bisikleta papunta at pauwi sa eskwela.
- × Bawal mag-absent ng walang pasabi, bawal umuwing bigla ng walang paalam.
- × Bawal magpakulay ng buhok, magsuot ng hikaw at iba pang accessories.



## 11 Mga sulat (print) mula sa eskwelahan

Magdadala ng sulat mula sa eskwela ang bata.

① **Balita mula sa klase / Balita mula sa eskwelahan**

Nag-iiba ang title depende sa grade at sa eskwelahan.

May nakasulat na mahalaga sa balita mula sa eskwelahan.

② **Taunang iskedyul ng event sa eskwelahan**

Nakasulat ang isang taon na plano para sa mga event sa eskwelahan tulad ng individual meeting, health checkups, athletic events, at iba pa.

③ **Application form para sa mga nais bilhin na materyales na ginagamit sa eskwelahan.**

May application form para sa pagbili ng materyales na ginagamit sa eskwelahan. Hindi mo ito mabibili kung ipapasa mo kapag tapos na ang deadline sa pagpasa ng form.

④ **Application form para sa mga school events sa eskwelahan.**

Isulat kung nais sumali sa mga event sa eskwelahan o hindi at ibigay ito sa homeroom teacher.

○ **Mayroon pang iba't iba. Basahin ng sarili o ipabasa sa kapamilya o kaibigan na nakakaintindi ng Japanese. Maaari din na gumamit ng honyaku-soft (translation soft).**



## 12 Contact system para sa emergency ng eskwelahan.

- Makakatanggap ka ng e-mail o short message mula sa eskwelahan.
- Hindi mo ito matatanggap kung hindi ka magpapa-rehistro sa contact system para sa emergency ng eskwelahan.
- Kahit na ang e-mail ay sa sulat hapon, ito ay mahalaga kaya ipakita at magpaturo sa iba or gamitin ang computer translation.

Tignan ang mga manual sa eskwelahan kung paano magpa-rehistro.

Mangyaring tingnan ang guardian's instruction manual na natanggap mula sa paaralan sa guardian information session ng January- February.

Mayroon din mga manual na isinalin sa Ingles, Intsik at Korean.



## 13 Mga salita sa eskwelahan (koleksyon ng mga salita /glossary)

### Subject

こくご 国語	kokugo	Japanese	たいいく 体育	taiiku	P.E.
さんすう 算数	sansuu	Arithmetic	ずが こうさく 図画工作	zugakousaku	Arts & Crafts
りか 理科	rika	Science	かてい 家庭 (かていか 家庭科)	katei (kateika)	Home Economics
しゃかい 社会	shakai	Social Studies	どうとく 道徳	doutoku	Morals
おんがく 音楽	ongaku	Music	がっかつ 学活	gakkatsu	Class activities
さくぶん 作文	sakubun	Essay	どくしょ 読書	dokusho	Reading
しよしき 書写	shosha	Handwriting (isusulat ang sulat hapon gamit ang pen at writing brush)			
がいこくご 外国語	gaikokugo	Salitang banyaga (pag-aaralan ang Ingles)			
せいかつ 生活 (せいかつか 生活科)	seikatsu (seikatsuka)	Living Studies (subject na pinaghalong Science at Social Studies na pinag-aaralan sa grade 1 at grade 2)			

### School Staff

こうちやうせんせい 校長先生	kouchou-sensei	Principal	たん にん せん せい 担任の先生	tannin-no-sensei	Homeroom Teacher
ふくこうちやうせんせい 副校長先生	fukukouchou-sensei	Vice Principal	ほ けん せん せい 保健の先生	hoken-no-sensei	School Nurse

### School Building

せいもん 正門	seimon	Main gate	こうしや 校舎	kousha	School building
きやうしつ 教室	kyoushitsu	Classroom	こうてい 校庭	koutei	School ground
しよくいんしつ 職員室	shokuinshitsu	Faculty room	ろうか 廊下	rouka	corridor



じむしつ 事務室	jimushitsu	Opisina	きゅうしょくしつ 給食室	kyuushokushitsu	Kusina ng eskwelahan
たいいくかん 体育館	taikukan	Gymnasium	とイレ トイレ	toire	toilet
ほけんしつ 保健室	hokenshitsu	School clinic	ろっかー ロッカー	rokkhaa	locker
としょしつ 図書室	toshoshistu	Library	げたばこ 下駄箱	getabako	Shoe box

## Personal na gamit

らんどせる ランドセル	randoseru	school bag	りゅっくさっく リュックサック	ryukkusakku	backpack
きょうかしょ 教科書	kyoukasho	textbook	べんとう お弁当	o-bentou	lunch box
ひつきようぐ 筆記用具	hikkiyougu	gamit pang-sulat	すいとう 水筒	suitou	lagayan ng inumin
うわばき 上履き	uwabaki	indoor school shoes	おやつ	oyatsu	snacks
たいいくかんばき 体育館履き	taikukanbaki	gymnasium shoes	しもの 敷き物	shikimono	pansapin
はんかち ハンカチ	hankachi	handkerchief	きが 着替え	kigae	pamalit na damit
ていっしゅ ティッシュ	tisshu	tissue	したぎ 下着	shitagi	underwear
てふき お手拭き	o-tefuki	towel	あまぐ 雨具	amagu	rain gear

## Buhay eskwela

授業 じゆぎょう	jyugyou	lesson	教材 きょうざい	kyouzai	study materials
学習 がくしゅう	gakushuu	pag-aaral	給食 きゅうしょく	kyuushoku	school lunch
学級 がくきゅう	gakkyuu	klase	掃除 そうじ	souji	paglilinis
日本語学級 にほんごがくきゅう	nihongo-gakkyuu	Japanese language class	当番 とうばん	touban	duty
出席 しゅつせき	shusseki	a-attend	係 かかり	kakari	taong in-charge
欠席 けつせき	kesseki	absent	班 はん	han	grupo
遅刻 ちこく	chikoku	late	低学年 ていがくねん	tei-gakunen	lower grade
早退 そうたい	soutai	uuwi ng maaga	中学年 ちゅうがくねん	chuu-gakunen	middle grade
学級閉鎖 がくきゅうへいさ	gakkyuuheisa	pagsara ng klase	高学年 こうがくねん	kou-gakunen	higher grade
登校 とうこう	toukou	pagpunta sa eskwela	男子 だんし	danshi	lalaki
下校 げこう	gekou	pag-uwi mula sa eskwela	女子 じょし	joshi	babae
集団下校 しゅうだんげこう	shuudan-gekou	pag-uwi ng grupo	引率 いんそつ	insotsu	guided visit sa isang lugar
通学路 つうがくろ	tsuugakuro	school road	クラブ活動 くらぶかつどう	kurabu-katsudou	club activities
夏休み なつやすみ	natsu-yasumi	summer holidays	応急手当 おうきゅうてあて	oukyuu-teate	first aid

ふゆ やす 冬休み	fuyu-yasumi	winter holidays	いじめ	ijime	tinutukso
はる やす 春休み	haru-yasumi	spring holidays	おもらし	o-morashi	naihi
しゅく だい 宿題	shukudai	homework			

## Glossary

ほご しゃ 保護者	hogosya	(Guardian) Ama / Ina na nagpapalaki sa bata. Kapag walang ama o ina, stepfather, stepmother, lolo, lola, atbp.
にゅうがく しき 入学式	nyuugaku-shiki	(Entrance ceremony) Ipagdidiwang ang mga bagong 1st grader. Isinasagawa ito sa umpisa ng Abril. Ang mga guardian ay magsusuot din ng pormal na damit.
そつ ぎょう しき 卒業式	sotsugyou-shiki	(Graduation ceremony) Ipagdidiwang ang pag-graduate ng mga 6th grader. Isinasagawa ito sa Marso. Bibigyan sila ng diploma. Ang mga guardian ay magsusuot din ng pormal na damit.
しぎょう しき 始業式	shigyō-shiki	(Opening ceremony) Isinasagawa ito sa simula ng bawat semester. Hindi kailangan na pumunta ang guardian.
しゅうぎょう しき 終業式 (修了式)	shuugyō-shiki (shuuryō-shiki)	(Closing ceremony) Isinasagawa ito pag natatapos ang bawat semester. Tatanggap ng report card. Kapag tapos na ang 3rd semester, shuryōshiki ang tawag dito. Hindi kailangan na pumunta ng guardian.
つう ち ひょう 通知表	tsuuchihyou	(Report card) Nagbibigay ng impormasyon sa guardian ukol sa grades, attendance at kung ano ang lagay sa eskwela ng kanilang anak. Ang pangalan ng report card ay iba iba depende sa eskwelahan. Mayroong “Ayumi”, “Nobiyukuko” at iba pa.
ぶん さん とうこう 分散登校	bunsan-toukou	Paghahatiin sa grado o klase ang pagpasok sa eskwelahan sa itinakdang oras.
おんらいん 授業 じゅぎょう	onrain-jyugyou	Mga klase na isinasagawa gamit ang internet. Ang mga bata ay kukuha ng klase sa bahay gamit ang isang tablet(computer).

すい えい し どう 水泳指導	suiei-shidou	(Swimming session) Mag-aaral ng paglangoy sa pool ng eskwelahan.
えん そく 遠足 せい かつ か けん がく 生活科見学 しゃ かい か けん がく 社会科見学	ensoku seikatsuka-kengaku shakaika-kengaku	(Excursion, Life studies field trip, Social studies field trip) Lalabas ng eskwelahan upang pag-aralan ang kalikasan, kasaysayan at kultura.
い どう きょうしつ 移動教室	idou-kyoushitsu	(Retreat) Mag-stay ng ilang araw at ma-experience ang pag-aaral sa ibang lugar. Sa “Izu kogen” pag Grade 5 at sa “Tobu” pag Grade 6.
うん どう かい 運動会	undou-kai	(Sports day o Athletic meet) Event na ginaganap sa schoolground na kung saan lahat ng estudyante ay nagtitipon upang mag-exercise, paligsahan sa pagtakbo at pagsasayaw. Manonood ang mga guardian.
がく げい かい 学芸会 がく しゅう はっ びょう かい 学習発表会	gakugei-kai gakushu-happyou- kai	(School play) Ang mga bata ay mag-present ng chorus at stage play. Manonood ang mga guardian.
てん らん かい 展覧会	tenran-kai	(Exhibit) Ipakikita ang mga gawa ng bata. Manonood ang mga guardian.
ひ わた くん れん 引き渡し訓練	hikiwatashi-kunren	(Drill o Pagsasanay sa pag hand-over sa susundo) Pagsasanay sa pag hand-over sa susundo kapag sakaling nasa loob ng eskwelahan ang bata at inakala na may malaking sakuna na nangyari.
ひ なん くん れん 避難訓練	hinan-kunren	(Evacuation drill) Pagsasanay sa pag-evacuate kapag sakaling nasa loob ng eskwelahan ang bata at inaakala na nagkaroon ng lindol at sunog.
ほ ご しゃ せつ めい かい 保護者説明会	hogosha- setsumeikai	(Orientation para sa mga guardian) Pagpupulong kung saan ipinapaliwanag ng mga teacher sa mga guardian ang mga bagay bago mag-umpisa ang eskwela.
ほ ご しゃ かい 保護者会	hogosha-kai	(Class meeting ng mga guardian) Ipaliliwanag ng homeroom teacher sa mga guardian ang buhay eskwela. Maaari rin itong magsilbing isang social gathering sa pagitan ng mga magulang.
がっ こう こう かい 学校公開	gakkou-koukai	(Class observance day) Maaaring mapanood ng mga guardian ang pag-aaral ng mga bata sa eskwelahan Tatlo o apat na beses sa isang taon.
こ じん めん だん 個人面談	kojin-mendan	(Individual meeting) Ang homeroom teacher at guardian ay magpupulong sa eskwelahan upang pag-usapan ang buhay ng bata sa eskwela at sa loob ng tahanan.
さん しゃ めん だん 三者面談	sansha-mendan	(Parent, child, teacher meeting) Konsultasyon sa pagitan ng bata, guardian at teacher ukol sa buhay eskwela at pagka- graduate.
けん こう しん だん 健康診断	kenkou-shindan	(Health checkup) Pagsusuri ng kalusugan at diagnosis ng doktor

しんたいそくてい 身体測定 (発育測定)	shintai-sokutei (hatsuiku-sokutei)	(Body measurement / Growth measurement) Susukatin ang laki ng katawan, tulad ng timbang at taas at ang growth status.
しかけんしん 歯科検診	shika-kenshin	(Dental examination) Titignan ng dentista kung may sira ang ngipin.
ないかけんしん 内科検診	naika-kenshin	(Medical examination) Gagamit ng stethoscope ang doctor upang suriin kung may sakit o wala.
しんぞうけんしん 心臓検診	shinzou-kenshin	(Heart examination) Susuriin kung may sakit sa puso.
じびかけんしん 耳鼻科検診	jibika-kenshin	(Otolaryngological examination) Susuriin kung may sakit sa tenga at sa ilong. Siguraduhin na linisin sa bahay ang tenga ng bata.
しりょくけんさ 視力検査	shiryoku-kensa	(Vision examination) Titignan kung gaano kalinaw ang mata o paningin at kung may diperensya o wala.
ちやうりょくけんさ 聴力検査	chouryoku-kensa	(Hearing examination) Susuriin kung nakakarinig ng mabuti at kung walang diperensya.
にようけんさ 尿検査	nyou-kensa	(Urine test) Susuriin ang ihi. Sa umaga, kukunin ang ihi at ilalagay sa itinalagang lalagyan at dadalhin sa eskwela.
たいりょく 体力テスト	tairyoku-tesuto	(Physical strength test) Susuriin ang kakayahang pisikal at kakayahan sa atletiko ng lahat ng mga bata sa eskwelahan
ぴーてぃーえー PTA	pee-tee-eh	(Parents Teacher Association) Asosasyon ng magulang/guardian at guro.Gumagawa ng aktibidad para sa mga bata tulad ng pagtulong sa athletic meet, crime prevention patrol, at paggawa ng mga newsletters.
ぴーてぃーえー そうかい PTA 総会	pee-tee-eh soukai	(PTA General assembly) Pagpupulong ng mga nakarehistro sa PTA. Pag-uusapan ang taunang report at plano.
ふりかえきゅうぎょうび 振替休業日	furikae-kyuugyoubi	(Substitute day) Kapalit na bakasyon kapag may event sa eskwela (tulad ng athletic meet, class observance day) sa araw ng walang pasok.
えんき 延期	enki	(Postponement) Papalitan ang naka-planong araw ng event
ちゅうし 中止	chuushi	(Cancel) Ikakansela ang naka-planong event
つうがくろ 通学路	tsuugaku-ro	(School road) Daanan ng bata papunta at pauwi sa eskwela. Itinitakda kung saan dadaan papasok sa eskwela.
つうがくくいき 通学区域	tsuugaku-kuiki	(School district) Sa publikong elementarya at junior high school, pinagpapasyahan ang papasukang eskwelahan base sa address. Ang eskwelahan ay nasa area ng tinitirahan.



## 14 Pag-aaral ng wikang hapon ng mga bata

### ● Bago i-enrol sa eskwela

Maaaring mag-aral ng wikang hapon sa Ota Children's Japanese Class sa Omori at Kamata. Sa mga bagong papasok sa Grade 1, maaaring mag-aral simula ng Enero (tatlong buwan bago pumasok sa Grade 1). Kumonsulta sa Multilingual Consultation Desk (mics).

Mag-click dito para sa Ota Children's Japanese Class →



### ● Kapag nakapasok na sa eskwela

Kumonsulta sa homeroom teacher. Pag-aaralan ang wikang hapon sa elementarya.

Ang mga estudyante ay may special tutorial at mag-aaral ng Japanese sa loob ng 60 hanggang 80 oras sa paaralan na kanilang pinapasukan.

### ● Kapag nais mag-aral ng wikang hapon maliban sa elementarya, mag-aral sa mga volunteer

Japanese class para sa mga bata. May mga impormasyon ukol sa mga volunteer Japanese classes sa Multilingual Consultation Desk.

Mag-click dito para sa mga boluntaryong klase sa Japanese →



## 15 Kumonsulta kapag may problema

● Kumonsulta sa homeroom teacher sa pag-aaral at sa buhay eskwela at kahit sa anong bagay.

● GOCA Multilingual Consultation Desk (mics) 03-6424-8822  
(Lunes – Biernes 10:00a.m~5:00p.m)

Address: 2nd floor, 4-16-8 Kamata, Ota-ku

Ota International Exchange Center (Minto Ota)

Maaaring kumonsulta sa wikang Ingles, Intsik, Tagalog, Nepali at Vietnamese.

Ang mga araw na maaaring kumonsulta sa iba't ibang wika ay naka-fixed. Maaring kumonsulta ng kahit ano ukol sa buhay.

※Malilipat ang opisina sa April, 2022.

Bagong address: 4-16-8-201 Kamata, Ota-ku Bagong numero ng telepono: 03-6424-4924

● Kumonsulta sa wikang hapon kapag espesyalista sa edukasyon, psychology at development.

Magsama ng marunong magsalita ng hapon. Kung kailangan ng interpretasyon, kumonsulta muna sa Multilingual Consultation Desk

● Education Center Education Counseling Room 03-5748-1202 (Lunes-Biernes) 9:00 am ~ 5:00 pm

Maaari ring kumonsulta ukol sa mga bata na may kapansanan sa pag-iisip at pisikal at kung nag-aalala tungkol sa developmental disorder.

● Child Home Support Center 03-5753-7830 (Lunes-Biernes) 9:00 am ~ 6:00 pm  
(Sabado) 9:30 am ~ 6:00 pm

● School Counsellor Kumonsulta at makipag-ugnayan sa pinapasukang eskwelahan.



## 外国籍保護者のための小学校案内 タガログ語版

---

発行日 2019年9月

改訂 2024年9月

発行 一般財団法人国際都市おおた協会

〒144-0052 東京都大田区蒲田 4-16-8 2F

おおた国際交流センター (Minto Ota)

※ 2022年4月に住所変更

電話 03-6410-7981 E-mail [info@ota-goca.or.jp](mailto:info@ota-goca.or.jp)

URL <https://www.ota-goca.or.jp>

企画協力 一般社団法人レガートおおた

---